



## **Pilipinas, kasama sa mga pangunahing mga bansa na nagtatanim ng biotech crops sa taong 2010**

**MANILA, Philippines** – Ang lawak ng biotek na mais sa Pilipinas, na nag-iisang uri ng biotek na pananim na may permiso para itanim sa bansa, ay tumaas ng higit sa ikaapat na bahagi ng isang milyong hektarya ng taong 2010. Ito ay ayon sa tagapagtaguyod at pinuno ng International Service for the Acquisition of Agri-biotech Applications (ISAAA) na si Dr. Clive James .

Ibinahagi ni Dr. James ang mga ito, pati ang estado ng mga biotek na pananim sa mundo, sa “Global Perspective of Commercialized Biotech/GM Crops: 2010”, isang seminar na ginanap noong March 11, 2011 sa Dusit Thani Hotel, Makati City.

Ang seminar ay kasabay ng paglunsad sa Pilipinas ng Brief 42: Global Status of Commercialized Biotech/GM Crops: 2010 ng ISAAA. Ang brief 42 ay isang taunang pag-uulat sa sitwasyon ng biotek na pananim sa mundo at ang epekto nito sa produksyon ng pagkain at pag-sugpo ng kahirapan.

Sa Pilipinas, naiulat na ang lawak ng biotek na mais ay tumaas sa 514,000 hektarya.

Dahil sa malawak na pagtatanim ng biotek na mais, ang Pilipinas ay pang-13 sa mga pangunahing bansa na nagtatanim ng biotek na pananim.

Naiulat din na humigit kumulang 270,000 na maliliit na magsasaka ang nagtanim ng biotek na mais noong 2010. Ito ay mas marami ng 20,000 mula ng taong 2009. Nanatili ding matatag ang pagtaas ng lawak ng biotek na mais mula nang mabigyan ito ng permiso para itanim noong 2003.

Ang pagpili ng magsasaka sa “stacked trait” na mais, na parehong may resistensya sa peste at herbicide, ay naiulat. Karamihan sa kabuuang lawak ng biotek na mais sa bansa ay “stacked trait” na mais na may lawak na 411,000 hektarya.

Maraming mga pag-aaral ang nagsasabi na nakatulong ang biotek na mais sa mga Pilipinong magsasaka. Ang naidulot na benepisyo sa “farm level” ay naitala na humigit kumulang US\$108 milyon.

Ang bioteknolohiya sa Pilipinas ay sinusupportahan ng gobyerno. Ayon kay Dr. Candida Adalla, pinuno ng Department of Agriculture-Biotechnology Program Office, “We are investing on the safe use of biotech and are committed to its safe and responsible use. Biotech products would benefit everyone, particularly the Filipino people.”

Pagdating sa malawakang pagtatanim, nangunguna ang Estados Unidos sa mga malalaking bansa na may biotek na pananim; ito ay may 66.8 milyong hektarya na biotek na pananim. Sumunod naman ang Brazil at Argentina.

Sa timog-silangang Asya nang taong 2010, nabigyan naman ng permiso upang maitanim ang Bt na bulak sa Myanmar. Ang Myanmar ang sumunod sa Pilipinas pagdating sa ranggo ng mga pangunahing nagtatanim ng biotek na pananim. Ito ay meron nang 0.3 na milyong hektarya ng biotek na pananim.

Ang seminar kung saan ibinahagi ang datos at impormasyon tungkol sa mga biotek na pananim ay binuo ng ISAAA, Southeast Asian Regional Center for Graduate Study in Research and Agriculture (SEARCA), at ng National Academy of Science and Technology (NAST).  
(SEARCA BIC)